AUGUST 2023 ISSUE

IMUS, MAHAL KONG BAYAN

# BANAAG

Official Newsletter Publication of the City Government of Imus

## 30,000 SCHOOL BAGS AT SUPPLIES, IPINAMAHAGI NG IMUS LGU




IMUS, Cavite — Pinangunahan ni City Mayor Alex "AA" L. Advincula ang pamamahagi ng bagong school bags at supplies sa humigit-kumulang 30,000 pampublikong mag-aaral ng daycare at elementarya nitong Agosto 15, 2023.

Isa ang Angat ang may Alam School Bags and Supplies sa mga proyekto ng lokal na pamahalaan na layong matulungan ang mga mag-aaral mula pre-school hanggang Grade 3 sa kanilang balik-eskwela.


## EDUCATION

| Page 2

*Distribution of 30,000 School Bags and School Supplies
*Tayo Na't Magbasa: A Library Reading Program for Struggling Learners

## SOCIAL SERVICE

| Page 3 & 8

*First two births at Birthing Home
*Pamamahagi ng relief goods sa 78 pamilya sa mga naapektuhan ng habagat at Bagyong Goring
*Enchanced Institutional Workshop hatid ng DICT
*Job Matching: One Day Job Hiring
*Imus International Youth Day

## GOOD GOVERNANCE

| Page 4 & 5

*Launching of the Official Imus City ID - AAngat ang Imus
*Pagsasagawa ng regular na inspeksyon ng Imus Task Force Bantay Karne

## AWARDS AND RECOGNITION

| Page 6 & 7

*32nd Anniversary ng BJMPRO (CALABARZON)
* Hall of Fame Award ng Imus City Public Library

Mula sa Pahina 1




Katuwang din dito ang Ikatlong Distrito ng Cavite sa pamumuno ni Congressman Adrian Jay "AJ" C. Advincula, ang Sangguniang Panlungsod ng Imus sa pangunguna ni Vice Mayor Homer T. Saquilayan, ang Imus City Schools Division Office, ang City of Imus Youth Affairs Office, at ang Local Council for the Protection of Children.

Naganap ang kick-off ceremony sa Imus Pilot Elementary School na sinundan naman ng pamamahagi sa Malagasang II Elementary School, Alapan II Elementary School, at Bucandala Elementary School.

Sa tala, 25,000 estudyante mula sa 26 na paaralang elementarya at 5,000 estudyante mula sa 84 na daycare centers ang nakatanggap ng school bags at supplies.

Sa parehong araw din nakiisa ang mga lingkod bayan ng Imus sa Brigada Eskwela 2023.

Hangad ni Mayor AA at ng buong Pamahalaang Lungsod ng Imus ang maitaas pa ang kalidad ng edukasyon dahil naniniwala ito na Angat ang may Alam.

## 80 batang Imuseño, nahasa ang kasanayang bumasa

IMUS City Government Center — Tagumpay ang pagkatutong bumasa ng 80 batang Imuseño sa tulong ng programang Tayo Na't Magbasa: A Library Reading Program for Struggling Learners ng Imus City Public Library na nagtapos nitong Agosto 17, 2023.

Nakatanggap ang mga bata ng sertipikasyon at cash incentive mula sa Pamahalaang Lungsod ng Imus bilang pagkilala sa kanilang dedikasyon na mahubog ang kasanayan sa pagbabasa.

Nagbigay-pagbati rin si City Vice Mayor Homer T. Saquilayan at si Sangguniang Kabataan Federation President Joshua Guinto sa mga nagsipagtapos.

Nagsimula ang limang linggong programa noong Hulyo 10, kung saan nagkaroon ng one-on-one reading sessions ang mga bata tuwing Biyernes sa tulong ng education students ng Cavite State University Imus Campus.

Taon-taon, isinasagawa ng Imus City Public Library ang naturang programa upang matulungang makasabay ang mga mag-aaral ng elementarya na hirap bumasa.



## Imus Birthing Home, nakapagpaanak na ng dalawang sanggol

IMUS, Cavite — Personal na binisita ni City Mayor Alex "AA" L. Advincula ang dalawang kauna-unahang sanggol na ipinanganak sa City of Imus Birthing Home noong umaga ng Agosto 16, 2023.

Kinilala ang malulusog na sanggol na sina baby Brianna Sai Alexie na isinilang pasado alas-kuwatro at baby Alexandra na isinilang pasado alas-nuwebe y medya ng umaga.

Maayos din ang lagay ng kanilang mga nanay na sina Arbielyn at Camela.

Bukas ang Birthing Home sa loob ng 24 na oras upang magbigay ng ligtas at libreng konsultasyon at panganganak sa mga Imuseñong nagbubuntis.






## Pamamahagi ng relief goods ng Imus LGU sa 78 pamilyang inilikas dahil sa habagat

IMUS, Cavite — Namahagi ang Pamahalaang Lungsod ng Imus ng relief goods nitong Agosto 28, 2023 sa 78 pamilyang pansamantalang inilikas sa limang evacuation sites bunsod ng pananalanta ng habagat na pinalakas ng Bagyong Goring.

Sa pagtutulungan ng Imus City Social Welfare and Development Office at ng Imus City Disaster Risk Reduction and Management Office (CDRRMO), matiwasay ang panunuluyan ng mga pamilya sa evacuation centers.

Binisita naman ni City Mayor Alex "AA" L. Advincula ang bagong Command Center ng CDRRMO sa Brgy. Buhay na Tubig. Inalam din ng alkalde ang lagay ng panahon at ang paggalaw ng binabantayang bagyo.

Nakahanda ang Pamahalaang Lungsod ng Imus na rumesponde sa mga pangangailangan ng mga Imuseño ano mang oras.

# AAngat Ang Imus City ID, inilunsad




IMUS, Cavite — Ipinalabas na ang bagong City ID ng Pamahalaang Lungsod ng Imus noong Agosto 4, 2023 sa pamamagitan ng opisyal na Facebook page ni City Mayor Alex “AA” L. Advincula.

Tampok sa AAngat Ang Imus City ID ang mga makasaysayang lugar sa lungsod, ang mga talentadong Imuseñong mang-aawit at mananayaw, ilang mga programang isinasagawa ng lokal na pamahalaan, at ang naggagandahang ngiti ng mga Imuseño.

Ang Lungsod ng Imus ay ang kinikilalang “Flag Capital of the Philippines” dahil dito unang iwinagayway ang watawat ng Pilipinas noong Mayo 28, 1989 sa Labanan sa Alapan.

*Maaring makita ang Official Imus City ID dito,*






# 214 kilo ng posibleng kontaminadong karne, kinumpiska ng Imus Task Force Bantay Karne

IMUS, Cavite – Umabot sa 214 na kilo ng mishandled na karne ang nakumpiska ng Imus Task Force Bantay Karne, katuwang ang National Meat Inspection Service, matapos ang malawakang pagsisiyasat ng mga karne sa mga pamilihan noong Agosto 4, 2023.

Ayon kay Imus City Veterinarian Dr. Maribel Depayso – Reyes, kinumpiska ng task force ang mga karne mula sa mga tindahang walang naipakitang meat inspection certificate at business permit, o kaya ay walang maayos na lagayan ng mga karne.

Inikot ng grupo ang Imus Public Market, Bahayang Pag-asa Talipapa, Pasong Buaya Talipapa, at Bucandala Talipapa nang mapag-alamang laganap ang pagbebenta ng iligal na karne sa lungsod.

Dagdag pa ni Dr. Depayso – Reyes na bibigyan ng pagkakataon ang mga nagtitinda na maipakita ang mga kaukulang dokumento kapag lumabas sa pagsusuri na ligtas kainin ang mga ito. Ibibigay naman ang mga karne sa charitable institutions kung hindi makasusunod ang mga establisyimento.
Itinapon na sa meat condemnation ng Imus Slaughterhouse ang mga karneng hindi na ligtas kainin.

Ipinahayag ng Pamahalaang Lungsod ng Imus na sa pamumuno ni City Mayor Alex “AA” L. Advincula ay desidido itong protektahan ang mga Imuseño mula sa pagkain ng kontaminadong karne na maaaring makasama sa kanilang kalusugan.

Patuloy ang lokal na pamahalaan sa pagsasagawa ng regular na inspeksyon ng karne alinsunod sa Republic Act No. 9296 o ang Meat Inspection Code of the Philippines.



# Imus kinilala sa ika-32 anibersaryo ng BJMPRO – CALABARZON




IMUS, Cavite – Tinanggap ni City Mayor Alex "AA" L. Advincula ang Plaque of Appreciation na iginawad sa kaniya ng Bureau of Jail Management and Penology Regional Office (BJMPRO) – CALABARZON nitong Agosto 7, 2023.

Kasabay nito, pinarangalan din ang Imus City Health Office ng Plaque of Appreciation na personal na tinanggap ni City Health Officer Dr. Ferdinand Mina sa pagdiriwang ng ika-32 anibersaryo ng BJMPRO – CALABARZON noong Agosto 4 sa Calamba City, Laguna.

Ang mga pagkilalang natanggap ng Pamahalaang Lungsod ng Imus ay patunay sa buong-pusong suportang ibinibigay nito sa persons deprived of liberty na nanunuluyan sa Imus City Jail.



# Imus City Public Library, ginawaran ng Hall of Fame Award ng National Library

MANILA City — Pinarangalan ang Imus City Public Library ng Hall of Fame Award ng National Library of the Philippines at ng The Asia Foundation sa ginanap na 2023 Gawad Pampublikong Aklatan nitong Agosto 25, 2023.

Ang pagtanggap ng parangal na ito ay patunay sa kahusayan ng pamumuno ni City Librarian Rosena Roman na nakapag-uwi ng 12 parangal sa loob ng 10 taon.

Kabilang din sa iginawad ay ang 2022 Most Diligent Public Library in the Philippines dahil sa regular na pagpapasa ng Imus City Public Library ng mga ulat kaugnay ng mga serbisyo at programang ipinapatupad nito.








# AUGUST 2023 ISSUE



*Enhanced Institutional Development Workshop hatid ng DICT*

*One Day Job Hiring ng Public Employment Service Office (PESO)*




*Imus Youth Day Seminar 2023: "Green Skills for Youth"*



## EDITORIAL BOARD

**Editor-in-Chief:**
Ervin Ace H. Navarette

**Managing Editor**
Nikki Elline C. Barco

**Head Writer:**
Francesca Mandac

**Art Director:**
Elai Lardizabal
Ron Diaz

**Photo Credits:**
City Information Office
City Tourism and Heritage Office
Office of the Congressman

IMUS CIO CITY INFORMATION OFFICE
2nd floor, Imus City Government Center,
Imus Boulevard, Malagasang I-G,
City of Imus, Cavite